
BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 3 NO. 2 10.00 OCTOBER 7 - 13, 2024

Congratulations!

# BantayBalita celebrates its 2nd Anniversary

P.3

# Jonvic Remulla is Marcos' new DILG secretary



JUANITO Victor 'Jonvic' Remulla, Jr. the younger brother to current justice secretary Jesus Crispin 'Boying Remulla withdrew his reelection as Cavite governor last Monday, Oct. 7 to join in the Marcos Cabinet

Jonvic, long-time governor of Cavite, took his oath as the new head of the Department of the Interior and Local Government (DILG) before Ptesident Bongbong Marcos at Malacanang, at 9 am, Tuesday, October 8.

In a statement, Marcos said Remulla' extensive and execellent work in local goverment administration made him his top choice for the DILG post.

"Clearly, Governor Jonvic is more than qualified to handle the challenges of one of the government's most important jobs,"the president said.

On his Facebook page, Jonvic said he accepted the appointment as DILG secretary to help his kababayang Cavitenyo and the entire Filipino people.

"Ang akin adhikain mula noon pa man ay ang ipagtibay ang kakayahan ng lokal na pamahalaan at kapulisan para maging pantay ang karapatan at oportunidad ng lahat tungo sa

*Sundan sa pahina 2*

# Marcoleta: Ipasunod nang mahigpit ang batas

KUNG manalong senador sa 2025 elections, ano ang uunahing gawin ni Sagip partylisr Rep. Rodante Marcoleta?

Isusulong niya ang mahigpit na implementasyon ng batas.

Binanggit ni Marcoleta ang EPIRA Law (Electric Power Industry Reform Act of 2001) na ang layunin ay maibaba ang singil sa koryente.

"EPIRA was created 23 years ago, but until you lower the price of electricity, there will be

*Sundan sa pahina 2*



# Philippines, China trade blame in latest South China Sea spat



Adrian Portugal

BEIJING/MANILA, Oct 8 (Reuters) – The Philippines accused China's coast guard on Tuesday of firing water cannon at government ships taking supplies to fishermen at a disputed shoal in the South China Sea, but Beijing said its "control measures" followed the boats' intrusions in its waters.

The incident was the two countries' latest run-in regarding the Scarborough shoal, a fishing ground within the Philippines' exclusive economic zone that China claims as its territory.

"We urge the Philippines to immediately cease its violations," Liu Dejun, a spokesperson for China's coast guard, said in a statement.

Two Philippine ships

*See page 2*

# Ito na ang tamang panahon: Babae naman sa Tanza!

BITBIT ang islogan na "Babae Naman! na nakapinta sa suot na t-shirts, sinamahan ng kanyangdaan-daang tagasuporta ang mag-amang Konsehal Icel del Rosario-Morales at dating alkalde ng Tanza, Munding del Rosario sa paghahain ng kanilang certificate of candidacy (COC) nitong nakaraang linggo.

Buo ang pagtitiwala sa sarili, sinabi ni Icel na a taglay niya ang mga katangian at karanasan upang maging alkalde ng Tanza.

*Sundan sa pahina 5*



Konsehal Icel del Rosario-Morales




# Team AJAA, nagharap ng COCs; nagsuko ng mga baril



REVANZE

# Eto na: Solid Team Dasma vs Team Encabo



BUSISIIN NATIN

# Talaga, presyo ng bigas, bababa na?



MAKIKIRAAN PO!

★ Janet W. BILBAO

MAY propaganda ang gobyernong Marcos, sa parating na Nob. 19, makabibili na ng mas murang bigas sa mga merkado.

Posible ba ito, o isang campaign promise, kasi may election sa Mayo 12, 2025, kailangang maipanalo ang mga kandidato ng administrasyon.

Ang realidad, malabo, imposible ito, kasi, napakataas ng cost of production ng bigas -- mula sa pagtatanim, patubig, binhi, pataba, pesticides na madalas ay inuutang ng rice farmers, dagdag pa ang gastos sa krudo para sa traktora at iba pang makinarya tulad ng rice mill.

Kulang pa o inefficient ang Agriculture officials natin sa suporta sa magsasaka, hindi mapigilang prefatory practices ng mga traders, mga negosyante.

Pag ibinaba ang presyo, parang binigti na ang mga farmers, walang tutubuin, mababaon sa utang at baka tumigil na sa pagsasaka.

Kung may sariling lupang sinasaka, baka mapilitang ibenta, maging subdivision pa!

Pwedeng ang solusyon ay mag-import na naman ng ilang libong metriko toneladang bigas mula sa Thailand, Vietnam o China at ibebenta nang palugi sa murang halaga.

May murang bigas nga, pero sa huli talo rin kasi ang ipambibili ng imported rice ay pera ni Juan dela Cruz.

Talo ang Pilipino.

Ay, paiikot-ikutin na naman tayo sa tsubibo ng propagandang sa Bagong Pilipinas, walang magugutom!

@@@

Ayuda nation na ang Pilipinas, bilyones ang ipinatatanggap sa maraming tamad na umaasa sa bigay na pera ng mga politiko.

Impraestruktura, negosyo, pabrika, trabaho ang kailangan ng milyones na skilled workers, propesyonal, idagdag pa ang daan libong college graduates taon-taon na tambay sa kanto sa dami ng rekisitos na kailangang isumite sa paghahanap ng trabaho.

Kahit kuwalipikado, hindi pa rin matanggap, kasi walang backer.

Top concern ng Pinoy ang walang tigil na korapsiyon, poverty, laganap na kriminalidad, pag-uubos ng pera sa Senate, House hearing na wala namang panukalang batas na nagagawa at ang produkto nila ay magpa-contempt nang magpa-contempt.

Tinalo pa ng House at Senate ang mga korte at Supreme Court, aba nagpaparusa ng kulong e wala pa namang conviction ng korte?

Gusto ko sanang mag-OFW, e wala naman akong pera at walang magpautang, ay kumandidato na lang sana ako sa Barangay election sa susunod, kasi pag Honorable ka, madali nang magkapera, totoo kaya?

# Eto na: Solid Team Dasma vs Team Encabo



BUSISIIN NATIN

★ Tom Halim

TAPOS na ng period ng pagpa-file ng COC, at paalala, isang araw lamang ang eleksiyon sa Mayo 12. 2025, at sana, maiwasan, mapigilan ang bangayan na nauuwi sa karahasan.

Kahit nais natin na plataporma de gobyerno at performance ang maging basehan, hindi na yata maiiwasan ang character assassination, fake news, black propaganda, lalo na sa maraming social media platform ngayon, at ang pagkalat ng troll farm.

Maging matalino , maging mapanuri po tayo sa pagboto, at pakinggan ang mga isyung at inihahayag ng magkakatunggaling panig sa halalan.

Karapatan nating mamamayan na malaman ang totoong layunin ng mga nais maging public servant sa national at local position.

@@@

Eto na ang dalawang pangkat na magtutunggali sa Lungsod ng Dasmarinas, Cavite.




Sila ang bumubuo ng Solid Team Dasma na pinangungunahan ni City Mayor Jenny Barzaga na naghain na ng kanyang COC bilang alkalde uli, at kandidato niyang vice mayor ang anak niyang si Third Barzaga.

Tatangkain namang kuhanin ni Konsehal Kiko Barzaga ang congressional seat ng 4th District na naiwan ng yumao niyang ama, si Cong. Pid Barzaga Jr.

Mga kandidato sa pagka-Bokal ay si Jun Dela Cuesta at ang kapatid ni Mayora Jenny, siya si Nickol Austria.

Mga kandidatong konsehal, sila ay sina -- Sangguniang Panlungsod Member (SPM)PM Rudy Lara, SPM Azlie Guro, SPM Moises Menguito, SPM Rey Canaynay, SMP Kevin Tapawan, SPM Jorge Magno, SPM Robin Cantimbuhan, SPM Jeg Gonzales, SPM Daisy Lyn Alvarez, SPM Glenn Malihan at SPM Fernando Laudato.

Sila ang tinatawag na "Sulong na Sulong pa."

@@@




Presenting naman ang Team Blue o Team Encabo.

Pinangungunahan ito ni dating vice mayor at Bokal Vale Encabo na naghain na rin ng kandidatura para mayor at katiket niya para vice mayor si Oly Rementilla.

Kandidatong bokal si Ely Guimbaolibot, at para congressman si Jesse Frani.

Kandidato naman para maging konsehal sina -- SPM Jen Velarde, SPM Jannus Toledo, SPM Romeo Joson, SPM Marlon Sinigayan, SPM Yen Mendoza, SPM Dom Tagle, SPM Ivan Tunacay, SPM Mar Apostol, SPM Kuya Je Denolo, SPM Bebot Escano, SPM Chester Geda at SPM Rey Balibago.

At ang sigaw ng Team Encabo: "Panahon Na!"

Good luck po sa inyo, at mabuhay ang mamamayang Dasmarinenos!

## Jonvic... from p.1

mas mabuting kinabukasan," Jonvic said.

He said that after 29 years serving in the provincial government of Cavite, 11 and half of which he was governor, "I think I will leave the province much better than when I first came in."

Jonvic replaces Benhur Abalos, Marcos' first DILG chief who is seeking a Senate seat in 2025.

The PCO said that Jonvic's joining the Marcos cabinet would be the first in recent Malacañang history for siblings to be members of the Cabinet at the same time.

The Remulla brothers are sons of bar topnotcher Atty. Juanito 'Johnny' Remulla who, in September 1979 while serving as provincial board member, was appointed governor by President Ferdinand Marcos Sr. following the death of Cavite Gov. Dominador Camerino.

In the election for governor in January 30, 1980, Johnny was elected, and in 1986, as a Marcos ally, he was one of local government executives forced to resign during the early days of Cory Aquino's administration.

Remulla Sr. served as governor in 1988 until 1995. /ELI TAPARAN II

## Philippines... from p.1

"invaded the waters" near Scarborough Shoal, it added, prompting what the Chinese side called "control measures".

The Philippine fisheries bureau said its vessels were on a routine mission to resupply fishermen when three Chinese coast guard (CCG) ships and a People's Liberation Army-Navy vessel approached at close distance and shadowed their movement.

The CCG vessels attempted to impede the mission … but were unsuccessful," it said in a statement. "The CCG vessels also opened and directed their water cannons, but this failed to reach the Philippine civilian boats."

The Philippine vessels were the Datu Cabaylo and the Datu Sunday, it added.

China claims sovereignty over nearly all of the South China Sea, including areas claimed by Brunei, Indonesia, Malaysia, the Philippines, and Vietnam.

## Marcoleta... mula sa p.1

a continuing violation of that law," sabi ng batikang abogado at mambabatas.

Hindi rin maayos na naipatutupad ang Local Government Code.

Ayon kay Marcoleta, dalawang porssiyento lamang ng mahigit sa 42,000 barangay sa bansa ang may kakayahang masustentuhan ang sarili.

"We need to help them, but the decentralization and autonomy promised by the law have not been fulfilled. This is due to flawed implementation," sabi ni Marcoleta.

Masamang ugali na gawa nang gawa ng batas, pero hindi naman maayos na naipasusunod at napopondoha, sabi niya.

Malaking aksaya sa bilyon-bilyong piso na pera ng taumbayan ang pag-akda, pagpasa ng mga batas na inaalikabok lang pagkat hindi maayos na naipasusunod.

Wala nang atrasan ang kandidatura niya, sabi ni Marcoleta.

"My candidacy is final," aniya./GENE T. TAN

# Congratulations!

# BantayBalita celebrates its 2nd Anniversary

IMAGINE, naka-dalawang taon na pala ang BantayBalita (BB) na ang maiden issue ay lumabas noong Oktubre 3-9, 2022.

Nakaka-impress, lalo na hindi naman po ako totoong maalam sa dyaryo, pero binigyan ako ng chance na maging reporter at kolumnista pang pahayagang ito..

Salamat po sa pagtitiwala ng ating founding publisher, Sir Henry E. Caoile at sa aming masipag, matiyaga at kasalukuyang publisher, Sir Ka Domz B. Caoile.

Special mention, si Boss Kuya Eli Taparan, ang aming editorial consultant cum editor na nakabase ngayon sa Vancouver, BC, Canada -- na katatapos lang mag-ceebrate ng kanyang 78th maligayang pagtanda -- kayo ang maysabi niyan, hehehe.

Maraming salamat, Boss ET sa pagtitiyaga sa pag-eedit, pagtuturo sa akin kung paano magiging peryodista.

The concept of putting up a community paper was conceived in 2021, after the Covid-19 pandemic.

Sa paraang Question and Answer, eto po ang munting istorya ng BantayBalita.

Janeth W. Bilbao (JWB): Bakit kung kailan, pine-predict na wala nang nagbabasa, saka kayo nagtayo ng pahayagang BantayBalita (BB)?

Domz B. Caoile (DBC): 10 years ago ay noon ko pa binalak na magtayo ng isang newspaper. Kasi, sa trabaho ko bilang sales agent, marami akong naging kaibigan sa media. Noong 2006, nakilala ko si Boss ET,... media consultant siya ni Gov. (Ayong) Maliksi at consultant din ng maraming daily at weekly paper.

JWB: Paano kayo naging reporter?

DBC: Sa negosyo kong sales, naging katropa ko ang maraming Cavite media. Sabi ko, kung nakaya nila, siguro, kaya ko rin. I asked Boss ET na turuan ako, sabi niya, sige, sabi niya, pinakitaan ko siya ng ilang sinulat ko, ay ang daming koreksiyon.

He diligently taught me about what is journalism, tungkol sa pagsusulat ng news, at hanggang ako ay mabigyan ng chance na maging reporter at paminsan-minsan ay kolumnista ng Cavite Times Journal (CTJ) ni Ma'am Franz ( Orlain) at sa Pulso ng Makabagong Cavitenyo (PMC) ni Ate Becka (Velasquez).

JWB: Ano pa po ang sumunod na nangyari?

DBC: Naging parttime na trabaho ko ang maging reporter at na-inspire ako sa tulong ni Boss ET at madalas niya akong isinasama sa mga media activities sa Kapitolyo at lalo siya ang City Information Office head ng Imus City, 2007 yata iyon.

JWB: Sabi ay million of pesos ang kapital sa pagtatayo ng isang weekly paper.

DBC: Dinaan ko lang sa lakas-loob, at naisip ko, kungdi ko uumpisahan, e kailan pa. Nagpapagamot noon sa Canada si Boss Eli, after niyang mag-retire as CIO chief noong 2013. I asked help, sabi ko, nais kong umpisahan ang BB. Yes, agad ang sagot niya. Sa konting puhunan ko na kinita sa aking munting negosyo, at salamat sa mga nagpahiram ng pera sa akin, naumpisahan ang ating publications.

JWB: What are the problems the paper encountered, e noong Covid-19, maraming negosyo ang naapektuhan.

DBC: Like any other businesses, the paper was hit hard with loss of advertising and income. But newspapering is not only about money. Newspaper is an essential business that helps inform residents and business leaders about what is happening in our community. BantayBalita and other community papers have a unique role to play. Ito ay maghatid ng balita, impormasyon, mga kaalaman sa publiko at maging tinig ng mamamayan. To me as a publisher, BB despite the big loss in revenues, we have to be a light, so to speak, in the midst of all the uncertainty.



**DOMZ B. CAOILE**
**Publisher**

JWB: Wow! Ano po ang commitment ng BB sa publiko?

DBC: Our paper is committed to informing citizens what's happening in our country. Yes, despite that we were facing revenue challenges, itinuloy-tuloy lang namin ni Boss ET itong BB, at naghanap ako, kami ni Boss Eli, ng mga paraan to keep our paper relevant. Naghanap ako ng mga kaibigan at mga kapwa ko salespeople to help the paper with other forms of advertising options.

JWB: Sa ngayon, ano ang kalagayan ng BantayBalita?

DBC: Si Boss ET ay beteranong editor and media person sa loob ng more than 40 years, kaya may itinuro siya sa akin na mga paraan, 'yung outside-of the box thing connecting the paper to our readership and patrons and it has helped us stay afloat.

JWB: Ano ang ginagawa nyo para maparami ang readership?

DBC: Sa ngayon, our circulation has grown up. We have expanded our digital efforts. May social media plaform na ang BantayBalita, kaya nakakaabot na tayo sa maraming mambabasa.

JWB: Wow, magandang balita ito.

DBC: Sa ating second anniversary, nagpapasalamat tayo sa Lahat ng ating sponsors, katropa sa media, mga advertisers natin, at mga mga nagpahiram ng pera sa panahong kapos na kapos na tayo.

Nakakahinga na tayo ngayon nang maluwag, yung ating kompromiso sa mga kaibigan, unti-unti nating naibabalik, dumadami na ang ating ads, at salamat, our readership ay lumalawak.

Hindi ko na mababanggit pa ang mga taong nagtiwala sa atin, alam na nila kung sino-sino sila and I am very grateful, sa Cavite Province Publishers League, Inc., sa Publishers Association of the Philippines, Inc. na pareho tayo ay member.

Sa mga kaibigan natin sa Cavite Press Corps, at sa lahat ng patuloy na nagtitiwala sa amin, maraming-maraming salamat po,

JWB: Happy second anniversary, Boss.

DBC: Happy anniversary sa atin, at happy 78th birthday sa ating consultant, Boss Eli, at siyempre, ang pasasalalamat sa ating Ama sa pagbibigay sa atin ng lakas, ng ating buhay na nagagamit natin sa pagsisilbi sa sambayanan, sa pamamagitan ng ating pahayagang BantayBalita.

Sa ating masusugid na mambabasa, mabuhay po tayong lahat!

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

**HENRY E. CAOILE**
*Founder*
**DOMZ B. CAOILE**
*Publisher*
**ELI TAPARAN II**
*Editorial Consultant*
**ADELA R. ZAMORA**
*Special Projects Director*
**JANETH W. BILBAO**
*Circulation Manager*
**GENE T. TAN**
*Chief of Reporters*

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

**Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!**
**Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services**
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com
bantaybalitanews59@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
**ISSN No. 2984-8563**

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*



Editorial Consultant cum Editor Kuya Eli Taparan, kapiling ang kanyang 5-year old na apong si Nyrik. Happy 78th birthday Boss ET.

# Team AJAA...

*mula sa pahina 8*

pustiso, ang mahal pa naman ang magpagawa nito, at may mga tumanggap ng iba pang uri ng tulong mula sa tanggapan ni Sen. Tol.

Sa maraming pagkakataon, tumulong si Sen. Tol sa ating mga mga kababayan, tulad ng mga naging fkire victims noon sa Cavite City; ayuda sa mga nawalan ng hanapbuhay gawa ng Bataan Oil spills, at ang free legal assistance.

Sa kanyang mensahe, hinikayat ni Sen. Tol na magkaisa tayo na suportahan ang gobyerno na ginagawa ang lahat ng paraan upang mapagaang ang buhay at kabuhayan ng mamamayang Pilipino.

Sinabi ng ating makisig na senador at abogado na magkaisa po tayo, magturingan po tayo na tulad sa magkakapatid, magkakilala at magkakaibigan.

Ipinaliwanag niya na sa pagkakaisa, kahit anong mabigat na dalahin sa buhay, mapagagaang, at ito ay malulutas.

Noon nga palang Sabado, Okt. 5 na nag-file na rin ng kanyang COC para sa kanyang second term bilang senador.

Binati rin ni Sen. Tolentino si Gov. Jonvic Remulla na ngayon ay ating bagong DILG secretary, at hinikayat ang lahat na suportahan si Sec. Remulla sa mga pagbabagong gagawin sa local government at sa PNP at iba ang agency na nasa ilalim ng kanyang departamento.

Siyanga pala, congratulations po kay VG Athena Tolentino na nanumpa na bilang una nating Lady Governor, kasunod po ng automatic resignation ni Gov. Jonvic sa pag-upo niya bilang DILG secretary.

Wow, tiyak magiging maganda ang patakbo sa Kapitolyo ngayon na mayroon tayong kauna-unahang Lady Governor sa kasaysayan ng Cavite.

At atin rin binabati, si dating Imus topnotch Councilor at 3rd Dist. Board Member na ngayon ay ang ating bagong Vice Gov. Shernan Jaro, wow!

Kami po sa BantayBalita ay buong-buo ang suporta sa inyong gagawing programa at proyekto sa ating lalawigan.

Teka po, may iskedyul si Sen. Tol na medical and dental mission, sinusulat natin ito, siya po at staff niya, alas 8 ng Huwebes ng umaga, Oct. 10 ay nasa Indang, Cavite sa Brgy Buena Cerca sa Cavite State University Indang Campus Oval; 9.30 am. sa Maragondon Covered Court sa tapat ng municipal hall; 10.15 am, ang tropa ni Sen. Tolentino ay nasa Naic Municipal Covered Court, sa may Brgy. Makina malapit sa Naic Doctors Hospital sa may highway.

Marami na namang Caviteno na makikinabang sa kalinga at pagmamahal ni Sen. Tolentino.

Para sa inyong komento, magmensahe lamang sa domzcaoile@yahoo at sa News Desk: taparaneliseo@gmail.com



*Nitong nakalipas na mga araw, bumisita ni Sen. Francis Tolentino sa mga kabayang Caviteno kaugnay ng idinaos na medical and dental mission. Nagpaalaala si Tolentino sa mga kababayan na makiisa sa mga programa ng gobyerno na ginagawa ang lahat para sa kasalanan ng pamilyang Pilipino.*



***Nanumpa bilang bagong gobernador si VG Athena Tolentino, kasunod ng pagbibitiw ni Gov. Jonvic Remulla.***



***Manunungkulang vice governor naman si Topnotcher 3rd Dist. Provincial Board Member Shernan Jaro.***

# CALABARZON's first Metals and Engineering Innovation Center inaugurated at BatStateU Malvar




The first ever Metals and Engineering Innovation Center (MEIC) in CALABARZON was officially inaugurated at Batangas State University (BatStateU) Malvar campus, Oct. 07.

The center is among the initiatives of the Department of Science and Technology (DOST) to boost engineering research and development in the region by providing advanced facilities for students and industry professionals to collaborate on innovative projects. Its establishment is expected to further strengthen CALABARZON's position as a hub for technological advancements in the metals and engineering sector.

DOST Secretary Renato U. Solidum, Jr. said that the MEIC will serve as a key player in driving economic growth and promoting sustainable development in CALABARZON.

Solidum pointed up the importance of investing in research and development to address the region's evolving engineering needs and challenges.

Meanwhile, BatStateU President Tirso A. Ronquillo emphasized the role of MEIC in providing a platform for knowledge exchange and skills development among industry experts and academic institutions.

With BatStateU being the country's engineering university, MEIC aims to address the growing demands of the engineering sector and bridge the gap between theory and practice.

Joining Secretary Solidum and President Ronquillo in the inauguration were DOST Undersecretary for Research and Development Dr. Leah Buendia, DOST-MIRDC Executive Director Robert Dizon, DOST Regional Director Emelita Bagsit, and BatStateU Malvar Chancellor Amado C. Gequinto.

Also present were representatives from the SUCs in CALABARZON, industry partners, and micro, small, and medium enterprises (MSMEs) in the metals and engineering sector.

In her closing remarks, Director Bagsit challenged the students, faculty members, MSMEs, and industry stakeholders to make the most of the center's partnerships and resources. /PAPI

# Boy Blue Abaya to run for Kawit mayor

FORMER Cavite First District Congressman Francis Gerald ' Boy Blue' Abaya formalized his mayoralty bid for his hometown Kawit as he led a full slate of candidates in filing their Certificates of Candidacy (COC) for the 2025 midterm elections on Monday, Oct. 7.

Businessman Gerry Ramos is Abaya's vice-mayoral candidate under the banner "Kawit Muna Bago Sarili" (Kawit First Before Self).

The slate, carrying the vision, "Bagong Bukas Ay Atin", includes eight aspirants for the Sangguniang Bayan.

They are -- Former Barangay Captain Chris Faust; Barangay Captain Pen Gandia; Derick Bote Bautista; Lili Peregrino; Allan Ilano; Engineer Edgar Repollo; Wee Narvaez and former Sanggunian Bayan member Medel Caimol

"Our slate represents a cross-section of experienced public servants and fresh voices committed to Kawit's progress," said Abaya.

Abaya said that his team's primary advocacy focuses on two crucial aspects: Healtcare and Housing Program

"Our group is pushing for the implementation of a healthcare card system for every Kawiteño," said Abaya.

He explained that the healthcare card system is similar to Makati City's model.

"Private hospitals typically require P20,000 to P30,000 in down payment. The proposed healthcare card system,will provide immediate access to healthcare services without the burden of upfront payments," BBA said.

The BBA team is advocating for the construction of a housing project within Kawit itself.

The project aims to ensure that residents can remain in their hometown




and prevent forced relocation to other municipalities.

Abaya explained: "Our promise is simple yet clear -- Kawit Muna Bago Sarili. We will not allow our fellow Kawiteños to be forced out of their hometown due to lack of housing, nor will we let them suffer from inadequate healthcare access due to financial constraints." /BantayBalita News Desk

# Mayor Anarna tatakbo uling alkalde ng Silang

"SAMA-SAMA nating ipagpatuloy ang nasimulan nating pagbabago sa ating bayan."

Ito ang inihayag ni Mayor Kevin Anarna sa harap ng daan-daang tagasuporta na sinamahan siya sa paghahain ng certificate of candidacy noong Sabado, Okt. 5 para sa midterm eleksiyon sa Mayo 2025.

Kasama ni Anarna -- na sa Nobyembre ay matatapos ang preventive suspension sa kanya ng Office of the Ombudsman -- si Macoy Amutan, katandem na kandidatong vice mayor at mga aspiranteng konsehal ng bayan ng Silang.

Sinuspinde ng Ombudsman si Anarna dahil sa umano ay maanomalyang transaksiyon sa ginawang selebrasyon ng pista ng bayan.

Isang abogado, sinabi ni Anarna na walang katotohanan at pawang gawa-gawa lamang ang ikinaso sa kanya./JWB




# Ito na ang tamang... *mula sa p.1*

"Ako po ay 3rd termer councilor, at sa loob ng tatlong sunod-sunod na termino bilang konsehal, masasabi po na hinog na po tayo para hangaring maging mayor ng minamahal na bayan ng Tanza,È sabi ni Icel sa harrap nf kanyang tagasuporta.

Maitatala sa kasaysayan ng munisipalidad si Icel na kauna-unahang babae na nais maging punongbayan.

Katiket ni Icel ang kanyanga ama, si 7th district provincial board member Munding del Rosario na dating vice mayor at mayor ng Tanza sa loob ng maraming taon.

Naihalimbawa ni Icel na ang nanay ay siyang ilaw nh tahanan at siya bilang isang ina, maalam siya, makaranasan sa pamamahala ng kanyang mga anak, kabiyak at kapamilya.

"Sa modernong panahon natin ngayon, napatunayan na kaya ng isang babae na gawin ang kayang gawin ng isang lalaki, at sa ating bayan ng Tanza, naniniwala ako, ito na ang tamang panahon, Babae naman ang dapat na iluklok na alkalde sa municipal hall," sabi ni Icel.

Aniya, sa karanasan at kakayahan at talino, "Ako po ay handang-handa na upang maisaayos ang pamamahala sa ating bayan. Babae naman po ang ating subukan," sabi ni Icel. /BantayBalita


# Advertise with us!

We are now offering publication of legal requirementsy for:
* Extra-Judicial Notices * Self-Adjudication *Correction in Live Births *Correction in Names and Surnames* Affidavit of Loss* Obituaries, and other legal notices, notarial services and other publication needs.
Email us at domzcaoiile@yahoo.com; taparaneliseo@gmail.com; sarfia926@gmail.com; arzmedia777@yahoo.com; or text/call: 0927-489-0759 /0928-940-6369.
Please contact us for inquiries.


## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **LOPE HERNANDEZ** WHO DIED ON MARCH 04, 1985 AT MARAGONDON, CAVITE AND **MARCELA CASTILLO DIMAPILIS** WHO DIED ON OCTOBER 21, 1985 AT MARAGONDON, CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND SITUATED IN THE BRGY. OF BUCAL 1, MARAGONDON, CAVITE CONTAINING AN AREA OF NINETEEN THOUSAND TWO HUNDRED TWENTY EIGHT SQUARE METERS and SEVENTY- EIGHT DECIMETERS ( 19,228.78 ) COVERED BY TAX DECLARATION NO. AA-13-0005-01138 EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. GLEN ARCHIBALD A. VARGAS UNDER DOC. NO. 39 PAGE NO. 8 BOOK NO. 1V SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE OCTOBER 07, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 7, 14 & 21, 2024**

## ERRATUM

THIS IS TO CORRECT THE ENTRY OF THE EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF HEREDITARY RIGHTS PUBLISHED IN BANTAYBALITA NEWS PUBLISHING SERVICES ON SEPTEMBER 2, 9 & 16, 2024 THAT THE CORRECT ENTRY IS EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS AND NOT AS PUBLISHED

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 7 - 13, 2024**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION

